

# County of Santa Clara

## Registrar of Voters

1555 Berger Drive, Bldg. 2  
San Jose, CA 95112  
Mailing Address: P.O. Box 611360, San Jose, CA 95161-360  
(408) 299-VOTE (8683) (866) 430-VOTE (8683) FAX: (408) 998-7314  
www.sccvote.org



Minamahal na Botante,

Ipinapadala ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara ang liham ng **Pahayag sa Pagpapatunay ng Pirma** na ito dahil ang pirma sa iyong sobre ng pansamantalang balota ay hindi tugma sa aming mga talaan. Ang iyong boto ay hindi maipoproseso maliban lamang kung susundin ang mga hakbang na nakabalangkas sa liham na ito.

Upang itama ang pagkakamaling ito, dapat mong kumpletuhin ang isa sa mga opsyon na nakalaan sa mga tagubilin sa likurang bahagi ng liham na ito. Dapat matanggap ng Tagapagrehistro ang pahayag sa likurang bahagi ng liham na ito o maaaring bumisita sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante upang pirmahang muli ang iyong orihinal na sobre ng balota ng hindi lalampas sa **ika-5 ng hapon ng Martes, Oktubre 12, 2021** upang matiyak na maipoproseso at mabibilang ang iyong Pansamantalang Balota.

<b>County of Santa Clara</b> <b>Registrar of Voters</b> 1555 Berger Drive, Building 2 San Jose, CA 95112  <b>Walang Bayad:</b> (866) 430-VOTE (8683) <b>Fax:</b> (408) 998-7314 <b>Email:</b> <a href="mailto:voterinfo@rov.sccgov.org">voterinfo@rov.sccgov.org</a>	<b>Regular na Oras na Bukas ang Opisina:</b> Lunes – Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon ( <i>Hindi kasama ang Pista Opisyal</i> )
Para sa mga direksiyon patungo sa aming opisina, bisitahin ang: <a href="http://www.sccgov.org/sites/rov/Resources/Pages/HoursLocationsDirections.aspx">www.sccgov.org/sites/rov/Resources/Pages/HoursLocationsDirections.aspx</a>	

***Ang iyong Pahayag sa Pagpapatunay ng Pirma  
ay dapat matanggap ng Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng  
County ng Santa Clara ng hindi lalampas sa ika-5 ng hapon sa Oktubre 12, 2021.***



**BASAHIN NANG MAIGI ANG MGA TAGUBILING ITO.  
ANG HINDI PAGSUNOD SA MGA TAGUBILING ITO AY MAAARING MAGING  
DAHILAN NG HINDI PAGKAKABILANG NG IYONG BALOTA.**

Upang maiproseso ang iyong Pansamantalang Balota, punan ang pahayag sa ibaba at pirmahan ang linyang nasa itaas ng "Pirma ng Botante". Maaaring ibalik ang iyong napirmahang pahayag gamit ang mga sumusunod na opsiyon sa pagbabalik:

1. **I-email ang napirmahan at nakumpletong pahayag sa aming opisina.** Ang iyong na-email na pahayag ay dapat matanggap ng aming opisina ng hindi lalampas sa **ika-5 ng hapon sa Oktubre 12, 2021**. Ang email address ay [voterinfo@rov.sccgov.org](mailto:voterinfo@rov.sccgov.org).
2. **Ipadala ang iyong napirmahan at nakumpletong pahayag sa aming opisina sa kalakip na sobrang bayad na ang selyo.** Ang pahayag ay dapat matanggap ng aming opisina sa direksiyong nasa ibaba ng hindi lalampas sa **ika-5 ng hapon sa Oktubre 12, 2021**. Hindi tatanggapin ang mga tatak ng koreo.
3. **I-fax ang napirmahan at nakumpletong pahayag sa aming opisina.** Ang iyong na-fax na pahayag ay dapat matanggap ng aming opisina ng hindi lalampas sa **ika-5 ng hapon sa Oktubre 12, 2021**. Ang numero ng fax ay (408) 998-7314.
4. **Pumunta nang personal sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante.** Maaari kang pumunta sa aming opisina sa direksiyong nasa ibaba, Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon upang PIRMAHANG MULI ang iyong orihinal na sobre ng Pansamantalang Balota o ibalik ang Pahayag sa Pagpapatunay ng Pirma. Dapat itong maisagawa ng hindi lalampas sa **ika-5 ng hapon sa Oktubre 12, 2021**.

**PAHAYAG SA PAGPAPATUNAY NG PIRMA**

Ako, si \_\_\_\_\_, ay isang rehistradong botante ng County ng Santa Clara sa  
(Pangalan ng Botante)

Estado ng California. Nanunumpa ako sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling sa hukuman, na ako ang taong tinutukoy ng pangalang nasa sobre ng Pansamantalang Balota. Nauunawaan ko na kung gagawa o susubok ako ng anumang pandarayang may koneksiyon sa pagboto, o kung tutulong ako, o mag-uudyok ng pandaraya o kung susubukan kong tumulong, o mag-udyok ng pandarayang may koneksiyon sa pagboto, maaari akong mahatulan ng isang mabigat na kasalanan na mapaparusahan ng pagkakakulong nang 16 na buwan o dalawa o tatlong taon. Nauunawaan ko na kapag hindi ko pinirmahan ang pahayag na ito, hindi maiproseso sa pagbibilang ang aking pansamantalang balota.

(Pinirmahan) \_\_\_\_\_  
**Pirma ng Botante** (hindi tatanggapin ang kapangyarihan ng abugado)

(Testigo) \_\_\_\_\_  
Kung hindi makakapirma ang botante, ang botante ay maaaring gumawa ng markang dapat saksihan ng isang testigo.

Pinetsahan ngayong \_\_\_\_\_ araw ng \_\_\_\_\_, 2021.

Direksiyon ng Tirahan: \_\_\_\_\_  
Direksiyon ng Kalye Lungsod Kodigo Postal

Direksiyong Pangkoreo: \_\_\_\_\_  
Direksiyon ng Kalye Lungsod Kodigo Postal

**County of Santa Clara Registrar of Voters**

**Address:** 1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112

**Mailing Address:** P.O. Box 611360, San Jose, CA 95161-1360

**Toll Free:** 866-430-VOTE (8683); **Fax:** 408-998-7314; **Website:** [www.sccvote.org](http://www.sccvote.org)

Board of Supervisors: Mike Wasserman, Cindy Chavez, Otto Lee, Susan Ellenberg, S. Joseph Simitian  
County Executive: Jeffrey V. Smith